Women's Health

Mga Kababaihan at HIV

Anu-anong mga palatandaan ng HIV ang nakakaapekto sa mga kababaihan?

- Karamihan sa mga palatandaan ng HIV na dinaranas ng mga kalalakihan ay dinaranas din ng mga kababaihan. At sa karagdagan, may mga kalagayang nauugnay sa HIVang nakaaapekto sa mga kababaihan lamang, tulad ng menstrual problems, vaginal infections, at madalas na pagkakaroon ng karamdaman sa cervix.
- Maari ring makaranas ang mga kababaihan ng mga kakaibang epekto ng mga gamot sa pagsugpo ng HIV. Isa pa, may ilang mga bagay na dapat ring pagtuunan ng pansin tungkol sa pagdadalang-tao at pag-aalaga ng sanggol na maaaring makaapekto sa mga babaeng may HIV.

Menstrual Problems

- Ang mga kababaihang may HIV ay maaring makaranas ng mga pagbabago sa menstruation. Maaari silang datnan nang wala sa panahon, malakas o mahinang pagdurugo o di kaya ay ang pagtigil nito. Gayundin ang makaranas ng malubhang sintomas ng PMS (premenstrual syndrome).
- Ang mga pagbabagong ito ay maaaring may kaugnayan sa HIV infection o maaaring wala. Mayroong ibang bagay na maaaring maging sanhi ng pagbabago sa menstrual period tulad na di-nawawalang stress, malubhang pangangangayat, matagal na paggamit ng masasamang gamot, pagdadalang-tao, mga karamdamang hindi gumagaling, o palagiang paggamit ng mga gamot. Ang mga problemang ito ay dapat ikonsulta sa family doctor o gynecologist.

Vaginal Infections

- Ang vaginal infections, lalu na ang yeast infection ay mas madalas na nakikita sa mga babaeng may HIV. Dahilan sa panghihina ng immune system, ang iba sa mga impeksyong ito ay mangangailangang gamutin nang mas agresibo.

Cervical Dysplasia

- Ang cervical dysplasia ay ang hindi normal na paglaki o pag-iiba ng mga cells sa cervix. Ito ay madalas makita sa mga kababaihang may HIV. Ito ay pre-cancerous na kalagayan na kung hindi maaagapan ay maaring mauwi cervical cancer. Mabuti na lamang, ang cervical dysplasia at cervical cancer ay maaaring masugpo. Ang madalas na pag-pa-pap smear upang maagapan ang kondisyong ito ay makatutulong upang makapaggamot nang maaga.

Mga Epekto ng mga Gamot sa HIV

- Ang paggamit ng mabisang kombinasyon ng mga gamot laban sa HIV ay makatutulong upang mabawasan ang dami ng virus sa katawan (viral load) at mapabuti ang kakayahan ng katawan na labanan ang mga impeksyon (immune system). Kadalasan, maaari nitong mapababa ang tsansa na magkaroon ng mga impeksyon at sintomas na kaugnay ng HIV tulad ng menstrual problems, pabalik-balik na vaginal infections at cervical dysplasia.

- Ang side effects sa mga gamot ng kababaihang may HIV ay maaaring kaiba sa side effects sa mga kalalakihan. Dahil dito, kinakailangang ibahin ang dosage ng mga gamot. May mga babaeng umiinom ng Protease Inhibitors na nakakapansin ng pagbabago sa hugis ng kanilang katawan, lalu na ang paglaki ng mga suso at baywang. Isa pa, ang ilan sa mga gamot sa HIV ay nakaaapekto sa mga birth control pills. Talakaying mabuti sa tulong ng doctor ang mga epekto ng lahat ng gamot na iniinom mo gayundin ang mga birth control pills, supplements at herbs.

Mga dapat pag-isipan tungkol sa pagdadalang-tao

- Ang pagkakaroon ng HIV ay hindi nangangahulugang hindi na maaaring magka-anak. Hindi rin ito nangangahulugang ang iyong sanggol ay tiyak na magkakaroon ng HIV. May mga paraan upang gamutin ang HIV habang nagdadalang-tao at gayundin sa oras ng panganganak. Mababawasan nito ang panganib na ang iyong anak ay magkakaroon ng HIV. Tiyaking ang mga bagay na bumabagabag sa iyo tungkol sa pagdadalang-tao ay alam ng iyong doktor o kumadrona. Ang pagpapasuso ay maaaring magsalin ng HIV sa sanggol mula sa gatas ng ina kung kaya't ang pagpapasuso ay hindi ipinapayo sa mga babaeng may HIV.

Copyright @ACAS 2001. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese, Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN). Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: info@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.